De La Salle University – Dasmariñas

# Teleserye: Isang Salamin sa Damdamin ng mga Caviteño

Isang Pag-aaral na Ipinasa

sa Kolehiyo ng Malalayang Sining

Departamento ng Sikolohiya

Pamantasang De La Salle-Dasmariñas

Dasmariñas, Cavite

Bilang Pagtupad sa Pangangailangan

ng Kursong AB Psychology

30 MAR 2004

Ipinasa nina:

Dueñas, Maysien A.

Ilagan, Mary Ann C.

Maraño, Richelle T.

Marso, 2004

AKLATANG EMILIO AGUINALDO ARCHIVES

# ABSTRAK

PANGALAN NG INSTITUSYON: Pamantasang De La Salle – Dasmariñas

LUGAR: Dasmariñas , Cavite

TITULO: Teleserye: Isang Salamin sa Damdamin ng mga Caviteño

MGA MANANALIKSIK: Maysien A. Dueñas
Mary Ann C. Ilagan
Richelle T. Maraño

PINAGKUNAN NG PONDO: Mga Magulang

HALAGA: Php10,000

SINIMULAN: Oktubre 2003 NATAPOS: Enero 2004

MGA LAYUNIN NG PAG-AARAL

A. Pangkalahatan:

Layunin ng pag-aaral na malaman kung ang damdamin ay may kinalaman sa patuloy na pagtangkilik ng mga Caviteño sa teleserye.

B. Tiyak:

1. Anu-ano ang edad, kasarian at katayuan ng mga Caviteñong nanonood ng teleserye?

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER De La Salle University Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

2. Anu-ano ang mga teleseryeng pinanonood?
3. Anu- ano ang mga nakikitang salik ng mga manonood sa patuloy na pag-tangkilik ng teleserye?
4. Anu-ano ang mga damdamin habang pinanonood ang bawat palabas ng teleserye?
5. Anu- ano ang konsepto ng mga Caviteño hinggil sa kanilang pinanonood na teleserye?

SAKLAW AT DELIMITASYON

Ang pag- aaral na ito ay sumasaklaw lamang sa damdamin ng mga taal na Caviteño na nanonood sa mga teleseryeng gawa sa Pilipinas, gayundin mga teleseryeng nagmula sa iba't-ibang bansa na isinalin sa Filipino.

Limitado lamang ito sa mga respondent na nagmula sa Barangay Pasong Camachile sa Lungsod ng General Trias, Cavite.

Hindi pa malawak ang kaalaman tungkol sa teleserye dahilan sa kakaunti pa lamang ang nagsagawa ng pag-aaral ukol dito.

METODOLOHIYA

Ang paraang deskriptibong pananaliksik ang ginamit sa pag-aaral na ito. Ang mga hakbangin sa metodong ginamit ay ang pagmamasid, pakikipagkuwentuhan at pagtatanung-tanong.

Sa ginawang analisis, ginamit ang bilang ng dami, bahagdan, at ranking upang malaman mula sa 20 respondent ang edad, kasarian ng mga

manonood, katayuan sa buhay, teleseryeng pinanonood, salik, damdamin at konsepto hinggil sa panonood ng teleserye.

RESULTA NG PAG-AARAL

1. Sa edad ng mga Caviteñong nanonood ng teleserye, nasa edad 41 at pataas ang mas maraming sumusubaybay at nahihilig sa mga teleserye.
2. Sa profayl ng kasarian ng mga respondent mas maraming bilang ng mga babae kumpara sa mga kalalakihan ang nanonood ng teleserye.
3. Sa katayuan sa buhay mas marami ang sa may mga asawa ang nanonood at sumusubaybay sa teleserye.
4. .Sa listahan ng mga konsepto ng mga Caviteño hinggil sa kanilang pinanonood marami ang nagbanggit na' hindi alam".
5. Sa teleseryeng pinanonood ng mga respondent mas marami o nangungunang teleseryeng " Kay tagal Kang Hinintay".
6. Sa mga nabanggit na salik sa panonood ng teleserye, marami ang nagbanggit ng salitang 'maganda'.
7. Sa pagpapakita ng damdamin ng mga manonood marami ang nagbanggit na sila ay napaiiyak sa tuwing nanonood ng teleserye.

KONKLUSYON

Sa edad ng mga Caviteño na nanonood ng teleserye nasa 41 at pataas ang higit na sumusubaybay, karamihan sa kanila ay mga

Aklatang Emilio Aguinaldo - Information Resource Center, De La Salle University - Dasmariñas, Cavite, Philippines

kababaihan at may mga asawa. Dahilan dito humahanga o nagagandahan sila sa panonood at naipapakita nila ang kanilang damdamin sa panonood ng teleserye.

## REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan at mga konklusyon, inihahanay ng mga tagapagsaliksik ang mga sumusunod na rekomendasyon:

1. Ang susunod na mananaliksik ay maari pang palawakin ang nasabing pag-aaral ukol sa teleserye.
2. Dapat magkaroon ng sapat na kaalaman at iba pang mga sanggunian upang madagdagan pa ang kaalaman tungkol sa mga Caviteno.
3. Higit pang palawakin ang mga mapapag-aralan hinggil sa damdamin ng mga Caviteño.
4. Dapat na magkaroon ng sapat na kaalaman ang mag- aaral hinggil sa pagkakaroon ng malawak na kaisipan batay sa pag-uugali, damdamin at karakter ng mga Caviteño na sumusubaybay sa teleserye.
5. Maaaring magdagdag ng baryabol bukod pa sa mga napag-aralan na. Maaari rin gumamit pa ng ibang respondent sa iba't- ibang lugar o probinsya.

## MGA NILALAMAN


| | PAHINA |
|---|---|
| TITULO | 1 |
| ABSTRAK | 2 |
| KATIBAYAN NG PAGTANGGAP | 6 |
| PASASALAMAT | 7 |
| MGA NILALAMAN | 9 |
| LISTAHAN NG MGA TALAHAYAN | 12 |
| KABANATA | |
| 1 KALIGIRAN NG PAG-AARAL | |
| Panimula | 13 |
| Batayang Konseptwal | 16 |
| Paglalahad ng Suliranin | 17 |
| Saklaw at Delimitasyon | 18 |
| Kahalagahan ng Pag-aaral | 18 |
| Kahulugan ng mga Termino | 19 |
| 2 KAUGNAY NG PAG-AARAL A T LITERATURA | |
| Konseptwal na Literatura | 21 |
| Literaturang Pampananaliksik | 35 |
| Sintesis | 41 |


AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER De La Salle University Dasmariñas, Cavite, Philippines

3 METODOLOHIYANG PANANALIKSIK

Disenyo ng Pananaliksik 45

Mga Respondent ng Pananaliksik 46

Instrumento 46

Pamamaraan 47

Istatistikal na Pagtatalakay 49

4 PRESENTASYON, ANALISIS AT INTEPRETASYON

Suliranin Blg. 1

A. Edad 51

B. Kasarian 52

K. Katayuan sa Buhay 52

Suliranin Blg. 2 56

Suliranin Blg. 3 57

Suliranin Blg. 4 60

Suliranin Blg. 5 61

5 BUOD, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Buod 65

Buod na Natuklasan 66

Konklusyon 67

Rekomendasyon 68

MGA SANGGUNIAN 70

AKLATANG EMILIO AGUINALDO · INFORMATION RESOURCE CENTER · De La Salle University · Dasmariñas, Cavite, Philippines · Since 1977

APPENDIKS


A. Liham Paghingi ng Pahintulot 71

B. Liham Paghingi ng Pahintulot 72

C. Talatanungan 73

D. Mga Larawan 75

E. Pagpapatunay 77

F. Curriculum Vitae 82


AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

## LISTAHAN NG TALAHANAYAN


| TALAHANAYAN | | PAHINA |
|---|---|---|
| 1 | Edad ng mga piling respondent sa Brgy. Pasong Camachile General Trias, Cavite | 51 |
| 2 | Kasarian ng mga piling respondent ng Brgy. Pasong Camachile General Trias, Cavite | 53 |
| 3 | Katayuan sa buhay ng mga Piling Brgy. Pasong Camachile General Trias, Cavite | 53 |
| 4 | Mga konsepto ng mga Caviteno hinggil sa kanilang teleseryeng pinapanood | 56 |
| 5 | Mga Teleseryeng pinanonood | 58 |
| 6 | Mga Salik sa panonood ng teleserye | 60 |
| 7 | Mga damdamin sa ipinakikita ng mga manonod sa Teleserye | 61 |
| 8 | Mga Kasagutan kung maihahalintulad sa buhay ang teleseryeng pinanonood | 62 |